# *Sino si Hesus?*

*'Sapagkat hindi namin ipinangangaral ang aming sarili, kundi si Cristo Jesus bilang Panginoon, at kami ay inyong mga lingkod dahil kay Cristo.'*

2 Corinto 4:5

*Peter Walker*
www.1peter1three.weebly.com

Translator: Glenn Plastina

*Aking iniaalay ang buklet na ito sa iyo, ang mambabasa. Salamat sa pagpapahintulot sa akin na ibahagi sa iyo ang tungkol kay Hesukristo.*

*Wala akong pormal na pinag-aralan sa Bibliya, at hindi rin ako masyadong malinaw sa kinatatayuan ko sa maraming teolohikong isyu. Gayunman, ako ay isang tagasunod ni Hesus, at mahal ko ang Kasulatan. Pahintulutan akong magbahagi ng ilang mga saloobin…*

Panimula:

**Kung ikaw ay nagtatanong ng tanong na ito – 'Sino si Hesus?' – ikaw ay tunay na nasa isang kamangha-manghang lugar!**

Maaaring galit ka sa Diyos, o hindi naniniwala sa Diyos sa panahong ito. O baka naniniwala ka sa Diyos, pero nasaktan ka. Marahil ikaw ay isang Muslim, isang Hindu, isang Budista, o ibang pananampalataya. Maaaring nasa ibang kalagayan ka nang buo, na kahit ikaw ay hindi mo maipaliwanag... Gayun pa man, aking kaibigan, kahit ano ang iyong nararamdaman o kung nasaan ka man, ang Diyos ng Bibliya – mula sa una hanggang sa huling aklat – ay tinatanggap ka, kahit na 'nakikiusap' sa iyo na itanong:
'**Sino si Hesus?**'

Maaaring meron kang napakarami-raming katanungan na hindi ko masagot at hindi ko matugunan. Talaga, sa maikling buklet na ito, lumalapit lamang ako sa iyo bilang isang 'mananampalataya' kay Hesus, at nagbabahagi lamang ng ilang mga saloobin sa iyo. Ang mga pinagmumulan ko ay ang aking pananampalataya, ang Biblia, at ang Espiritu ng Diyos.

Ako'y naniniwala na ang Biblia – ang pinagsama-samang 66 na 'mga aklat' o mga sinulat - ay ang inspiradong salita ng Diyos. Tulad ng anumang mabuti o 'totoo' na bagay,

ang Biblia ay maaaring din na mali na unawain, maling gamitin, at pagdudahan. Gayunpaman, sa kabila ng mga kapintasan ng tao sa paggamit ng Biblia, nananatili itong mapagkakatiwalaan mula sa Diyos para sa tapat na naghahanap ng katotohanan. Isinulat ito ng mga kalalakihan na walang mataas na pinag aralan (o 'unschooled') para madaling basahin. Hindi itinago ng Diyos ang kanyang sarili sa atin sa Bibliya; siya ay nagpahayag ng kanyang sarili sa atin! Pahintulutan nawa ninyo ako ngayon at ibigay sa iyo ang aking mga iniisip sa napakahalagang tanong na ito: '**Sino si Hesus?**'

***<u>Sino si Hesus?</u>***

Itinuturo sa atin ng Bibliya na si Hesu-Kristo – na ang ibig sabihin *'Ang Panginoon ay Nagliligtas'* – ay Diyos sa anyo ng tao. Naparito ang Diyos mula sa langit para maging tao, upang makilala natin ang Diyos ng 'personal', at makaugnay sa Diyos ng ganap.

Si Hesus ay Diyos 'sa laman'. Siya ay naparito upang patawarin ang ating mga kasalanan, at upang tayo ay bigyan ng buhay na walang hanggan. Ito ang *'sino'* si Hesus, at *'bakit'* siya naparito.

***<u>Pahayag:</u>***

Ang Biblia mismo ay nagsasabi sa atin na ito ay isang di-maarok na katotohanan, imposibleng maunawaan. Hindi lang natin simpleng 'maunawaan' ang katotohanang ito – na naparito ang Diyos sa anyo ng tao upang iligtas tayo. Hindi natin 'makukuha' ito! Ito ay masyadong dakila para sa atin! Oo, sinasabi sa atin ng Bibliya na ang katotohanang ito - kamangha-manghang katotohanan - ay hindi ginawa upang magkasya sa ating isipan!

Sinabi sa atin na ang katotohanang ito ng Diyos – si Jesu-Kristo – ay *'Espiritu at Katotohanan'*, at dumarating sa atin hindi sa pamamagitan ng 'pagkaunawa' ng isipan, kundi sa pamamagitan ng 'paghahayag' sa ating mga espiritu, sa ating mga puso.

Kung ikaw – tulad ko at tulad ng karamihan – ay nagtangka na 'maintindihan' ang Diyos, o iangkop siya sa iyong kaisipan, maaaring napakahirap na hayaan ang ating mga espiritu at puso ang magmamaneho. Ngunit alam mo, aking kaibigan, lahat ng mahalaga sa iyo ngayon sa buhay - *kaibigan, pamilya, kagalakan, pag-ibig, kapayapaan, pagpapatawad, awa* - ang mga bagay na ito ay hindi 'katotohanan' ng isip, kundi ng puso at espiritu. Sa katunayan, sa maraming pagkakataon, hinayaan natin ang ating isipan, ang ating pag-unawa, masaktan o makasira ng isang 'katotohanan sa puso', o isang relasyon. *Naranasan mo na bang mangibabaw ang iyong 'ulo' sa iyong puso, at pagkatapos ay ikinalulungkot mo ito?* Kung ang Diyos ay 'magkasya' sa aking maliit na kaisipan o sa aking hindi mahuhulaan na 'pagkaunawa', siya ay isang napakaliit na Diyos, talaga!

Sinasabi sa atin sa Bibliya, *'**Ang Diyos ay espiritu, at ang mga sumasamba sa kanya ay kailangang sumamba sa espiritu at katotohanan**.'* Si Hesus mismo ang nagsabi tungkol sa kanyang mga salita at paghahayag, *'**Ang mga salitang sinabi ko sa inyo ay espiritu at buhay.**'*

*Naramdaman mo na ba na ang katotohanan ni Hesus ay humahamon sa iyong isipan, ngunit kumakatok sa pintuan ng iyong puso?*

***<u>Mensahe ni Kristo</u>:***

Kawili-wili kung paano umapela si Hesus sa mga tao tungkol sa kanilang *'paniniwala'*. Hindi siya dumating na nag-aalok ng pera o kayamanan. Hindi siya dumating na nag-aalok upang sagutin ang mga teolohikong tanong. Sinabi niya ang mga bagay tulad ng, ***“Kung ang sinuman ay nauuhaw, lumapit siya sa akin at uminom. Ang sumasampalataya sa akin, gaya ng sinabi ng kasulatan, ‘Mula sa kanyang puso ay dadaloy ang mga ilog ng tubig na buhay.'”*** Tinanong ni Hesus kung tayo ay 'nauuhaw', at nangako siya ng “buhay na tubig.' Hindi ito 'magkasya' sa ating pang-araw-araw na pamamalakad sa buhay; hindi ito 'magkasya' sa ating isipan. Gayunpaman, dumadaloy ito nang malalim sa ating kaluluwa at tila talagang natutugunan ang ating pangangailangan para sa higit pa.

*Ang tanong ba na ito ni Hesus -* ***'Ikaw ba ay nauuhaw?'*** *- sumasalamin sa iyong kaluluwa?*

O, halimbawa, lumingon si Hesus sa karamihan at nagtanong, *'May pagod ba?'* At pagkatapos ay nangako siya ng *'pahinga'* na ibang uri.

Si Hesus ay gumawa ng mga himala, ngunit may isang partikular na layunin para sa kanyang mga himala. Isang araw sinabi ni Hesus sa napakaraming tao na ang dahilan kung bakit siya gumawa ng mga himala ay upang maunawaan nating lahat na may kapangyarihan

siyang magpatawad ng mga kasalanan. Hindi siya gumawa ng mga himala para lang gumanda ang buhay ng ilang tao, sa maikling panahon. Gumawa siya ng mga himala upang makita natin ang kanyang kapangyarihang patawarin ang ating kasalanan, at *'**isulat ang ating mga pangalan sa langit**.'*

*Kaya, ano ang kanyang mensahe? Paano ako magkakaroon nitong 'buhay', nitong 'pahinga', nitong 'buhay na tubig' sa aking kaluluwa?*

Heto ang pagkakataon na ang mensahe ni Hesus nagiging buhay – na literal, at personal…

Sinabi ni Hesus, *'**Ako ang pintuan, Ang sinumang pumasok sa pamamagitan ko ay maliligtas.**'* Hindi nagturo si Hesus *tungkol* sa Diyos; si Hesus ay umanyaya sa atin tungo sa kanya mismo *upang makilala ang* Diyos. Ang pinakamalalim na bagay na mayroon ka sa iyong buhay ngayon ay 'isang tao', hindi isang bagay o isang konsepto. Pag-isipan mo ito ng isang sandali. *Ano ang pinakamahalagang bagay sa iyo sa pagtatapos ng araw?* Ginagarantiya ko sa iyo na ito ay isang tao. Ang Diyos ay ganito din. Ang pinakamalalim na katotohanan ng Diyos sa iyo - ay ang Kanyang sarili. Ang layunin niya sa pagparito bilang isang tao ay upang makita, mahahawakan, at makilala ko siya. Sa katunayan, ang isang pangalang ibinigay kay Hesus ay **'Emmanuel'**, na nangangahulugang, *'**Ang Diyos ay sumasa atin**.'* Si Hesus – bilang Diyos na nagkatawang tao – ay dumating upang

makasama natin siya, ngayon at magpakailanman.

*Gusto mo bang makilala ang Diyos ng personal?*

***Paniniwala*:**

Si Hesus ay humahamon sa atin na *'manampalataya'* tayo sa kanya. Ito ang kanyang imbitasyon tuwing siya ay aktwal na kasama ng mga tao, at makikita nila siya. *Kung nakikita nila siya, ano ang lahat ng kapamigatan ng 'paniniwala' sa kanya?* Dalawang bagay ang sumagi sa isip ko tungkol sa isyung ito ng 'pananampalataya':

1. ***Ang tunay na kaibigan ay naniniwala sa iyo!***

Nagkaroon ka na ba ng tinatawag na 'kaibigan' na hindi *para* sayo? Ang taong ito ay nakakakita at nakakakilala sa iyo, at kinikilala ka pa nga sa tuwing nakapaligid ka; ang taong ito ay may 'relasyon' sa iyo, ngunit hindi sila *'naniniwala'* sa iyo. Sila ay talagang nagsara ng isang bahagi ng kanilang puso sa iyo. *Ikaw ba'y nakaka-relate sa ganitong pakiramdam, sa karanasang ito sa relasyon?*

Dumating si Hesus – ang Diyos sa katawang-tao – upang *'makasama natin'*. Ang mismong pangalan niya, Emmanuel, ay nangangahulugang, *'Ang Diyos ay kasama natin.'* Hindi lang gusto ni Hesus na 'kilalanin' mo siya; siya ay naparito para magkaroon ng pagmamahal, 'paniniwala' na relasyon sa iyo. *Ang paniniwala sa isa't isa ay ang dugong buhay ng tunay na pagkakaibigan.*

Sinabi ni Hesus, ***'Tinatawag ko kayong mga kaibigan.'*** Si Hesus ay nagsabi rin na walang ibang paraan upang maipakita ng isang kaibigan ang kanyang pagmamahal, kaysa ialay ang kanyang buhay para sa kanyang kaibigan.

### 2. *Ang makita ay <u>hindi</u> naniniwala!*

Noong si Hesus ay nasa lupa pa, maraming tao ang nakakita sa kanyang kapangyarihan, ngunit hindi naniniwala sa kanya. Marahil ikaw, tulad ko, minsan ay nagnanais o nagsasabi pa nga, *"Kung maaari ko lang talagang 'makita' si Hesus…"* Ang totoo, marami – karamihan – na nakakita sa kanya sa laman at nakasaksi sa kanyang mahimalang kapangyarihan, ay *hindi* naniniwala sa kanya. Maraming beses, sa katunayan, kapag siya ay gumawa ng mga himala, ang mga tao ay talagang tumalikod laban sa *kanya* . Sa huli, *lahat* 'nakakita' sa kanya - ang mga nakarinig sa kanya, naglakbay kasama niya, nasiyahan sa kanyang mga palatandaan at kababalaghan - ay maaaring nagsabwatan laban sa kanya o iniwan siya. Pinatay siya sa liwanag ng umaga sa gitna ng lahat ng 'nakakita' sa kanya.

Kaya tinawag tayo ni Hesus sa 'paniniwala', sa 'pananampalataya', hindi sa 'paningin'. Nang makita siya ng mga tao, pinatay nila siya. Hindi natin mapagkakatiwalaan ang ating sarili na sundin - at maging tapat - kung ano ang nakikita ng ating mga mata. Maaaring maging tapat tayo

sa loob ng ilang panahon, gaya ng mga disipulo, ngunit sa isang punto ang ating mga mata, ating isip, ating mga puso ay mabibigo sa atin at hindi natin masusundan ng tuluyan. Maaari pa nga nating talikuran ang nakita natin at minsang minahal.

Sinabi ni Hesus kay Tomas, na kanyang alagad, ***'Mapapalad ang hindi nakakita, gayunma'y sumasampalataya.'***

Dito sa mundo, nais ni Hesus na tayo'y 'makakita' sa pamamagitan ng mga mata ng ating mga puso, at maniwala - ibig sabihin ay *tumanggap, sumunod, tumatalima, sumamba*. Gusto ni Hesus ng isang *tunay* na relasyon sa iyo, isang pagkakaibigan! Isang araw ay mapadaan tayo tungo sa kaluwalhatian, kung saan ang ating mga mata ay magiging dalisay at ang ating mga puso ay matatag, at makikita natin siya ng *'harapan'*. Ngunit sa ngayon, ang tawag ay sa pananampalataya.

*Nararamdaman mo ba na 'nakikita' mo si Hesus gamit ang mga mata ng iyong puso?*

**<u>Kayamanan</u>:**

*Bakit mahirap 'makita' at paniwalaan si Hesus? Bakit hindi naririnig ng buong mundo si Hesus at naniniwala?*

Kapag binabasa ko ang Banal na Kasulatan, namangha ako sa kung paano gumagana ang Diyos. Mula sa simula ng panahon, sa kabila ng pantay na pagmamahal ng Diyos sa bawat tao, ang ilan *ay 'kilala'* ang Diyos, at ang ilan ay hindi. Ito ay - at magiging - imposible para sa atin na maunawaan, malaman, ipaliwanag.

Ito ay eksaktong pareho noong si Hesus ay naglalakbay pa sa lupa, nangaral at gumawa ng mga himala. Ang ilang mga tao ay nagpatirapa sa kanyang paanan at nagsabi, *'Ikaw ang Panginoon!'* Ang iba ay hinahamak siya, kinukutya at hinamon ang kanyang awtoridad. Paanong nangyari to? Paanong ang isang tao ay titingin kay Kristo at nakikita ang Diyos, at ang isa naman ay tumitingin kay Kristo nang sabay at nakakita ng isang tao lamang? Hindi ko maipaliwanag ito!

Ngunit ang nakita ko sa buong buhay at pagtuturo ni Hesus, ay ipinahayag niya ang kanyang sarili sa taimtim at tahimik na paraan. *Napakalalim, at napakatahimik!* Kapag ang isang tao ay tunay na 'nakita' si Hesus kung sino siya - *'Ang Diyos na kasama natin'* - ang paghahayag ay umabot sa pinakapuso ng tao, at binago sila magpakailanman. Ngunit dahil ang paghahayag

na ito ay napakalalim at dalisay at tahimik, dumaan lamang ito sa karamihan sa atin nang hindi napapansin. Tayo ay ginulo ng napakaraming ingay at pagnanasa sa ibabaw ng buhay, na ang malalalim na bagay ng Diyos ay dumaan lamang sa atin.

Si Hesus ay nagsalita ng napakaikling talinghaga upang ilarawan ang katotohanang ito. Sinabi niya, ***"Ang kaharian ng langit ay tulad sa nakatagong kayamanan sa isang bukid; na natagpuan ng isang tao, at tinabunan niya ito. Sa kanyang kagalakan ay umalis siya at ipinagbili ang lahat ng kanyang ari-arian at binili ang bukid na iyon."***

*Nararamdaman mo ba na si Hesus ay isang kayamanan na sinimulan mong makita, ngunit hindi nakikita ng maraming tao sa paligid mo?*

***<u>Dugo</u>:***

Ang kwento ni Hesus ay hindi kapani-paniwala! Sinasabi sa atin na bilang Diyos, naparito siya upang palayain tayo sa ating kasalanan, ang ating *'mga mantsa'*. Alam mo, ang pinakamalalim sa ating mga kasalanan ay kadalasang nag-iiwan ng bakas ng dugo. Dugo, ang pinagmumulan ng buhay ng mga tao, kung saan may karahasan, kung saan may pang-aabuso, kung saan may kasawian, kung saan may kamatayan. Lahat tayo ay merong [bahid ng] dugo sa ating mga kamay, direkta man o hindi direkta. Nabubuhay tayo sa isang mundo na binuo sa pang-aalipin at pang-aabuso, at lahat tayo ay nagbuhos ng dugo, o natupok ang mga ninakaw na kalakal na nagdulot ng dugo sa mga tao. Ito ay isang puro at hindi komportable na katotohanan – ngunit ang pagdanak ng dugo ay nasa kaibuturan ng kadiliman ng ating mundo, at ang ating paghihiwalay sa Diyos. Kaya dumating si Hesus, at gusto niya tayong palayain sa kasalanan at kadiliman na ito. Nais niyang palayain tayo sa mga pagkakamaling dinanas natin, at mga maling nagawa natin. Nais niyang pagalingin at manumbalik ang bawat kaluluwa, bawat puso, at maging ang lupaing tinitirhan natin. Sinabi sa atin na binuksan ni Hesus ang daan para sa *'katubusan'* at *'kapatawaran'* ito sa hindi kapani-paniwalang espirituwal na paraan: *kinuha ni Hesus ang ating kasalanan sa kanyang sariling pagkatao at katawan, at pagkatapos ay namatay na kasama nito.* Ganito ang sabi ng isang talata sa Bibliya:

*'Naging kasalanan siya para sa atin.'*

Kinuha ni Hesus ang aking kasalanan at kahihiyan sa kanyang sarili, at pagkatapos ay namatay kasama nito. Sya'y namatay na kasama ng aking kasalanan, Si Hesus pagkatapos ay nabuhay mula sa mga patay, ngunit ang aking kasalanan ay hindi bumalik kasama niya. Iniwan niya ang kasalanan sa libingan, 'ika nga. Kinuha ni Hesus ang aking kasalanan, namatay kasama nito, at nagbalik na may tanging kapatawaran at bagong buhay para sa akin.

Isang makapangyarihang talata sa Bibliya ang naglalarawan dito ng ganito: Ang dugo ni Hesus *ay 'nagsalita ng mas mabuting salita'* kaysa sa dugo ng ating kasalanan.

Dahil dito, kapag naniniwala tayo kay Hesus at tinanggap ang kanyang kapatawaran, nagpapasalamat tayo sa dugo ng kanyang sakripisyo, para sa *'dugo ni Hesus.'*

*Gusto mo bang ma-"hugasan' ng kanyang dugo?*

***Espiritu*:**

Si Hesus ay buhay! Siya ay pisikal, at siya ay nasa langit. Balang araw makikita mo siya ng *'harapan'*.

Ngunit nang sabihin ni Hesus sa kanyang mga alagad na malapit na siyang umalis sa lupa at pumunta sa langit, sinabi niya sa kanila na dapat silang magalak dito - huwag malungkot - dahil nangangahulugan ito na ang *Banal na Espiritu* ay darating sa kanila, maging *'nasa'* kanila kalooban nila.

Kita n'yo, noong si Hesus ay nasa lupa, siya ay nasa anyo lamang ng tao. Kung si Hesus ay nasa isang nayon, nangangahulugan ito na wala siya sa ibang lugar. Kung inilalagay ni Hesus ang kanyang kamay ng kapayapaan sa isang tao, nangangahulugan ito na hindi niya inilalagay ang kanyang kamay ng kapayapaan sa iba. Siya ay nasa anyo ng tao, at samakatuwid ay limitado sa espasyo at oras tulad natin.

Nang si Hesus ay pumaitaas na sa langit, ang mismong Espiritu ni Hesus, ang *Banal na Espiritu*, ay ibinuhos na ngayon sa *buong* lupa. Nangangahulugan ito na ang mismong persona at kapayapaan ni Hesus ay maaaring nasa bawat nayon, at sa puso at tahanan ng bawat tao, sa parehong oras. Nangangahulugan din ito na si Hesus ay talagang naninirahan sa *loob* natin, hindi lamang lumakad sa tabi natin.

Ngayong natapos na ni Hesus ang kanyang misyon sa lupa - ang pagkamatay at muling pagkabuhay, upang bigyan tayo ng kapatawaran at buhay na walang hanggan - siya ay pisikal na nabubuhay sa langit. Kumokonekta tayo sa kanya ngayon sa pamamagitan ng Banal na Espiritu.

Kapag tayo ay naniniwala kay Hesus, siya ay lumalapit sa atin sa pamamagitan ng kanyang Banal na Espiritu, at nananahan sa ating puso, ating kaluluwa, ating espiritu - *'Ang Diyos ay kasama natin.'*

*Nais mo bang maniwala kay Hesus, at magkaroon ng kanyang Banal na Espiritu sa iyong puso at buhay?*

***Paanyaya*:**

Sinabi ni Hesus, ***“Ako ang pintuan. Ang sinumang pumasok sa pamamagitan ko ay maliligtas.'*** (Juan 10:9)

*Nais mo bang anyayahan si Hesus sa iyong puso at buhay ngayon?*

Ito ay isang espirituwal na desisyon, at sa pagbibigay ng iyong buhay kay Hesus magkakaroon ka ng kapatawaran sa iyong mga kasalanan, at buhay na walang hanggan. Sa sandaling makilala mo si Hesus, ikaw ay nasa isang bagong landas, at ang isa na ***'sumisikat ng higit at mas maliwanag hanggang maging ganap na araw.'*** (Kawikaan 4:18)

Narito kung paano mo maitawid ang tulay mula sa kamatayan tungo sa buhay, at makilala si Jesu-Kristo. Mayroong 2 pangunahing bagay na 'gawin'. Itinakda ko ang mga ito dito sa ibaba, at pagkatapos ay nagsulat ako ng isang panalangin na maaari mong basahin at 'ipanalangin' mula sa iyong puso:

1. *Pagsisisi sa Kasalanan:*

Kakailanganin mong pagsisihan ang iyong kasalanan. Oo, ito ay isang mahirap na hakbang, ngunit isa na tinatawag ni Hesus. Kailangan mong magpasya ngayon na sa tulong ng Diyos ay tatalikuran mo ang kasalanan sa

iyong buhay – *pagmamahal sa pera, pagnanasa, kasakiman, hindi tapat, pagkagumon, pangangalunya, pornograpiya,* atbp.

Ang pagsisisi sa kasalanan ay isang 'pagpapasya ng puso', at sa paglipas ng panahon ay dapat makita sa iyong buhay at tahanan. Maaaring may mga bagay na kailangan mong putulin, makipag-usap, itapon, patayin, ibigay... Kung magpasya kang magsisi, at *'bumalik'* (na yan ang ibig sabihin ng 'pagsisisi'), ikaw ay nakaharap sa tamang direksyon para sa susunod na hakbang na ito.

2. *Pananampalataya kay Hesu-Kristo:*

Tinalakay natin sa itaas ang kahalagahan at 'katotohanan' ng paniniwala at pananampalataya sa anumang tunay na relasyon. Tinatawag tayo ni Hesus na 'manampalataya' sa kanya. Tinatawag tayo ni Hesus na gawin ang *hakbang na ito ng pananampalataya*, at magsalita nang malakas ng pagpapahayag ng pananampalataya sa kanya. Nagsulat ako ng isang panalangin dito sa ibaba na maaari mong gawin ang iyong sarili. Ang panalangin ay dapat manggagaling mula sa iyong puso, dapat na taos-puso.

Kung magsisi ka sa iyong kasalanan at maglalagay ng iyong pananampalataya kay Jesu-Kristo, sa sandaling ito ay ilalagay niya ang kanyang Banal na Espiritu sa iyong puso, patatawarin ang iyong kasalanan, at isusulat ang

iyong pangalan sa langit!

**Panalangin:**

*Mahal na Panginoong Hesus, nagpapasalamat ako sa pagmamahal mo sa akin. Nagpapasalamat ako sa iyong pagkamatay para sa aking kasalanan. Nagpapasalamat ako sa pagbibigay mo sa akin ng kapatawaran at buhay na walang hanggan.*

*Ngayon ay nagsisisi ako sa aking kasalanan, at naglalagay ng aking pananampalataya at pagtitiwala sa iyo. Hinihiling ko na patawarin mo ang aking kasalanan, at ibuhos mo sa akin ang iyong Banal na Espiritu.*

*Salamat, Panginoon, sa pagpapatawad mo sa akin. Salamat, Panginoong Hesus, sa pagligtas mo sa akin. Tulungan mo akong maging tapat, at sumunod sa iyo sa lahat ng mga araw ng aking buhay, hanggang sa makita kita nang harapan. Sa ngalan ni Hesus, dinadalangin ko, amen!*

***Bagong Buhay:***

Kung nagawa mo ang hakbang na ito ng pananampalataya kay Hesus, ikaw ay ligtas! Ikaw ay pinatawad! Isa kang *'bagong likha'*. Ito ang katotohanan ng Diyos. Ito ang mensahe ni Hesus.

Bilang isang bagong panganak na 'mananampalataya', talagang mahalaga na simulan mong basahin ang Bibliya araw-araw, at gumugol ng ilang minuto sa pananalangin kasama si Hesus. Mahalaga rin na sumapi ka sa isang mabuting, Kristiyanong simbahan, upang lumago ka sa iyong pananampalataya at sa suporta ng ibang mga mananampalataya.

Kung wala kang Bibliya, iminumungkahi ko na maghanap ng mabibili o mahiraman. Maghanap online o sa mga bookstore.

Ang ginagawa ko ay nagbabasa ng isang kapitulo sa isang araw. Siguro magsimula sa aklat ni LUCAS, at pagkatapos ay ipagpatuloy lang ang pagbabasa...

Humanap ng isang mahusay, mapagkakatiwalaang simbahan. Manalangin at hilingin sa Panginoong Hesus na pangunahan ka sa desisyong ito. Humingi ng rekomendasyon sa simbahan mula sa isang Kristiyano na kilala at pinagkakatiwalaan mo. Siguraduhin na ang pagpunta sa simbahan

isang beses sa isang linggo ay isang prayoridad, isang “pag-aalay” sa Panginoon. Maaaring kailanganin mong baguhin ang ilang bagay sa iyong iskedyul, at maging sa iyong pananalapi, para magawa ito. *Pararangalan ka ng Panginoon dahil dito!*

Gusto kong marinig mula sa iyo! Kung nagawa mo ang hakbang na ito ng pananampalataya, sa pamamagitan ng aking website sa susunod na pahina, padalhan ako ng email at ipaalam sa akin. Ako ay nagagalak kasama mo, at ipagdarasal kita!

Pagpalain ka, kapatid ko, kapatid ko! Hanggang sa magkita tayo sa personal – sa isang family reunion! – Pagpalain ka ng Diyos, protektahan at pasaganain ka sa pangalan ni Hesus!

Para sa higit pang mga mapagkukunan, mangyaring bisitahin ang aking website sa ibaba:

www.1peter1three.weebly.com

*"Pagpalain ka nawa ng Panginoon at ingatan ka. Paliwanagin nawa ng Panginoon ang kanyang mukha sa iyo, at mahabag sa iyo. Ilingap nawa ng Panginoon ang kanyang mukha sa iyo, at bigyan ka ng kapayapaan.'* Numbers 6:24-26

*Scriptures Referenced:*

*Diyos ay nakikiusap sa atin na lumapit sa kanya*: 2 Corinthians 5:20

*Na si Kristo lamang ang nakakaalam, ang kanyang mga Kasulatan, ang kanyang Espiritu*: 1 Corinthians 2:2-3

*Inspiration and mishandling of the bible:* Hebrews 4:12 /Jeremias 29:13 (tingnan din ang Mateo 4:1-11 & 2 Corinthians 4:2)

*hindi pinag-aralan na may-akda ng Kasulatan:* Gawa 4:13

*Ang ibig sabihin ni Hesus ay, 'Ang Panginoon ay Nagliligtas':* Mateo 1:21 Si

*Hesus bilang Diyos sa anyo ng tao:* Isaias 7:14/Mateo 1:23; Isaias 9:6; Juan 1:1-5,9,14; Juan 8:58/Exodo 3:14; Juan 10:30; Juan 14:9; Juan 9:38/Mateo 14:33/Exodo 20:5; Juan 5:46; Colosas 1:15-20; Hebreo 1:3; Filipos 2:6-11; Zacarias 14:9/Gawa 4:12; Pahayag 1:13-18

*Layunin ni Hesus na patawarin ang kasalanan at magbigay ng buhay na walang hanggan:* Lucas 5:24; Juan 11:25-26; Juan 4:13-14

*Pahayag, imposibleng maunawaan!*: Juan 6:37, 65; Mateo 16:16-18; Roma 11:33-36; Isaias 55:8-9; Awit 36:9; 2 Corinto 4:6; Juan 4:24 & Juan 6:63

*Paniniwala kay Kristo:* Juan 7:37-38; Juan 11:25-26; Juan 9:35; Mateo 11:28-30; Lucas 5:24; Lucas 10:20; Juan 10:9; Juan 5:39-40; Juan 15:13-15

*Ang makakita ay* <u>*hindi*</u> *naniniwala:* Juan 11:45,53; Mateo 26:56; Marcos 15:25 (9 ng umaga) Juan 20:29; 2 Corinto 4:6; 2 Corinto 5:7; 1 Juan 3:2; 1 Corinto 13:12 Ang

*Diyos ay nagmamahal sa lahat ng pantay!:* 2 Pedro 3:9; 1 Timoteo 2:4; Mateo 18:14; Juan 3:16

*Pagsamba kay Kristo at Pagtanggi kay Kristo:* Juan 9:38; Mateo 14:33; Juan 10:20; 2 Corinto 5:16

*Malalim at Tahimik na Pahayag:* Mateo 16:20; Marcos 1:24,34,44; Marcos 4:11; Isaias 6:9; 2 Corinto 5:16; Awit 42:7; Mateo 13:44

*Dugo at Kalayaan kay Kristo:* Isaias 1:18; Awit 25:15; 2 Corinto 5:17; Galacia 2:20; Lucas 4:18/Isaias 61:1; Isaias 42:3; 2 Cronica 7:14; 2 Corinto 5:21; Hebreo 9:22; Hebreo 12:24

Espiritu: Juan 14:1-4; Apocalipsis 1:13-18; 1 Corinto 13:12; Juan 14:17,26,28

*Imbitasyon at Bagong Buhay:* Efeso 1:13-14; Colosas 1:27; Kawikaan 4:18; Juan 5:24; Marcos 1:15; Mateo 3:8; Gawa 3:19; Roma 10:9; Lucas 10:20; 2 Corinto 5:17; Hebreo 10:25; Awit

1; Josue 1:9; Hebrews 4:12/2 Timothy 3:16

Tagalog Translation of the Bible:

*Ang Biblia,* 2001 (ABTAG2001) © Philippine Bible Society 2001